Kyo.Prot.N.42/2022 Easter Vigil

Mensahe ng Obispo ngayong Pasko ng Pagkabuhay Taong 2022

Si Hesus ng Nazareth na ipinako sa Krus ay Muling Nabuhay, Alleluia!

Sa mga Mananampalataya ng Diyosesis ng Kyoto

Isang taos pusong pagbati sa inyo ng Maligayang pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay. At sa mga bagong binyag at bibinyagan pa sa panahong ito, ipinaaabot ko ang aking pagbati, at ikinalulugod ko kayong tangapin sa Diyosesis ng Kyoto.

Ang Pasko ng Pagkabuhay ay pagdiriwang ng panibagong buhay. Nakakalungkot na sa kabila nito patuloy na nagaganap sa Ukraine ang digmaan na kumikitil sa maraming buhay. Ang Santo Papa ay lubhang nababahala sa krisis sa Ukraine at patuloy na nananawagan tungo sa kapayapaan. Makiisa tayo sa panawagan na ito na manalangin, na sa tulong na panalangin ng Kalinislinisang Puso ni Maria, ang kapayapaan ng Panginoon ay manatili sa mundo lalong lalo na sa kappayapaan at siguridad ng mamamayan ng bansang Ukraine sa mas lalong madaling panahon.

Panalangin para sa Kapayapaan sa Ukraine

Panginong bukal ng buhay, nananalangin po kami na ang digmaan na nagaganap sa Ukraine at sa iba pang panig ng mundo ay magkaroon na nang katapusan.
Nawa ang lahat ng buhay ay mapangalagan laban sa pagkitil at pagkasira.
Nawa ang bawat pinuno ay makagawa ng pamantasan tungo kapayapaan sa pamamagitan ng maayos na pag uusap.
Pangalagaan nyo ang mamamayan sa Ukraine na naipit sa digmaan na walang kasiguraduhan.
Bigyan nyo po ng kapahingahan ang mga pumanaw dulot ng gulo at hindi pagkaka unawaan sa ibat ibang panig ng mundo.
Bigyan nyo po rin ng kanlungan at pag asa ang mga naulila.

Diyos na makapangyarihan at walang hanggan, itaas mo ang mga nababagabag, at ibaba ang mga nasa kapangyarihan.
Bantayan ang mga inabandona at nagdadalamhati.
Baguhin nyo po ang puso na gumagawa ng masama, para sa tunay na kapayapaan.
Nawa mabigyan ng tulong at pag kalinga ang mga biktima ng dimaan at karahasan.
Ito ay idinadalangin namin sa Ngalan ni Hesus. Amen

Manalangin tayo kay Hesu Kristo, ang Panginoong muling nabuhay at patuloy na sumasa atin, para sa tiyaga, pag-asa, kalusugan at kaligtasan habang pinapahalagahan natin ang lahat ng buhay, Alleluia, Alleluia!

2022 年 4 月 16 日

✙ Most Rev. Paul Otsuka Yoshinao, D.D.

Obispo ng Kyoto